

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagtukoy sa Pang-abay na Pamanahon

Kakayahan: Natutukoy ang pang-abay na pamanahon sa pangungusap

Salungguhitan ang pang-abay na pamanahon sa pangungusap.  
Bilugan ang pandiwa na inilalarawan ng pang-abay na ito.

1. Binabasa ni Liza ang mga bagong aralin gabi-gabi.
2. Manonood kami ng sine sa darating na Linggo.
3. Si Jose ay darating mula sa Cavite samakalawa.
4. Araw-araw siyang nakikinig sa radyo.
5. Aalis mayamaya ang bus na papuntang Bikol.
6. Nagkita kami ni Marie noong kaarawan ni Justine sa Jollibee.
7. Namalengke kami ni Ate Daria kanina.
8. Ipinalabas kagabi sa telebisyon ang pelikulang *Spider-Man*.
9. Magsisimula bukas ang aming pagsusulit sa paaralan.
10. Hindi ka kasi nakikinig sa mga magulang mo kaya parati kang sinasabihan.
11. Hiniram ni Mang Berting ang diyaryo natin kahapon.
12. Tuwing madaling-araw tumitilaok ang mga tandang ni Lolo.
13. Sa Lunes gaganapin ang pulong ng mga guro.
14. Nagtitipun-tipon ang buong mag-anak sa bahay nina Lolo at Lola tuwing Noche Buena.
15. Tuwing bisperas ng Bagong Taon, marami ang napipinsala ng mga paputok.